Office of the City Manager
3300 Capitol Avenue, P.O. Box 5006, Fremont, CA 94537-5006
510 284-4000 *ph* | 510 284-4001 *fax* | www.fremont.gov

PARA SA AGARANG PAGPAPALABAS

KAUGNAY:

Aisha Knowles
Public Affairs Manager
Fremont Fire Department
510-494-4291
aknowles@fremont.gov

Cheryl Golden
Communications Manager
City of Fremont
(510) 284-4025
cgolden@fremont.gov

Magbubukas ang Fremont ng COVID-19 Testing Center

Fremont, Calif., Abril 2, 2020—Sa Biyernes, Abril 3, ang Lungsod ng Fremont ay magbubukas ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19) testing site para magbigay ng pagkakataon sa mga taong may sakit, mga unang tumutugon, at front line na tauhan sa pangangalaga ng kalusugan na may kamakailang pinaghihinalaang pagkalantad sa virus ay masuri nang libre.

Ang Fremont Fire COVID-19 Testing Center, na nasa Fremont Fire Tactical Training Center, 7200 Stevenson Blvd., ay nilikha para makatulong na mapagaan ang pressure sa mga emergency department ng ospital, magbigay ng mas mabilis na resulta sa pagsusuri ng mga kamakailang nalantad na mga unang tumutugon at mga front line na trabahador sa pangangalaga ng kalusugan, at para mapadami ang kakayahan ng komunidad nating pigilan ang bagong paghawa sa pamamagitan isolation matapos masuri.

“Ang bagong COVID-19 Testing Center ng Fremont ay mahalaga sa lungsod natin para masiguro na ang mga unang tumutugon, tauhan sa pampublikong kaligtasan at mga trabahador sa pangangalaga ng kalusugan at mahahalagang serbisyo ay protektado kapag sila ay nasa frontline na naninilbihan sa komunidad natin; kailangan nila ang ating suporta,” sabi ni Mayor Lily Mei. “Pinasasalamatan natin ang Lungsod ng Hayward sa pag-imbita sa Fremont na sumali sa pangkat nito, para mas mabuting ihanda ang sarili natin habang inilalabas natin ang ating sariling testing center. Lahat tayo ay mas malakas kapag ang mga kasosyo sa komunidad ay nagsasama upang lumikha ng solusyon.”

Para makatanggap ng pagsusuring COVID-19, ang bawat tao ay susuriin bilang bahagi ng dalawang-bahaging proseso ng pagsusuri at **dapat may lagnat na mas mataas sa 100 degrees at maging symptomatic para sa COVID-19**. Kasama sa mga sintomas para sa COVID-19 ang pag-ubo, kakapusan ng paghinga o kahirapang huminga, patuloy na kirot o bigat sa dibdib at/o ibang mga respiratoryong sintomas. Ang referral mula sa medikal na doktor ay hindi kailangan para masuri. Matapos makumpleto ang paunang proseso ng pagsasala, ang mga indibidwal na nakakatugon sa mga pamantayan sa

pagsusuri ay gagawan ng aktwal na pagsuring COVID-19 na kung saan ay nagsasangkot ng pag-swab sa mga cavity ng ilong at likod ng lalamunan.

Ang pagsusuri sa lugar ng Fremont Fire COVID-19 ay aayusin gamit ang drive-thru na sistema at ang mga taong magpapasuri ay kailangang manatili sa loob ng sasakyan. **Hindi papayagan ang mga pagsusuri sa mga naglalakad**.

Para pumunta sa Testing Center, ang mga sasakyan ay dapat pumasok mula sa pakanlurang Stevenson Boulevard—pagkatapos ay magpatuloy sa Eureka Drive at kumanan nang pahilaga. Ang mga sasakyan ay dapat dumiretso sa Eureka Drive at ang linya ay mabubuo sa kanang gilid ng bangketa. Ang access sa linya ng pagsasala ay **para lang sa sasakyan** at maaaring paminsan-minsan ay limitado para maglaan ng ligtas at mapamamahalaang daloy ng trapiko.

Bagaman walang pagsusuri na puwedeng lakaran, nakikipagtulungan kami sa isang lokal na pangkalusugang klinika para gumawa ng pagsososyo na magpapahintulot sa puwedeng lakaran na pagsusuring COVID-19 sa batayang naka-appointment-lang.

Ang mga unang tumutugon at mga trabahador sa pangangalaga ng kalusugan na symptomatic para sa COVID-19 virus **at** may temperaturang mas mataas sa 100 degrees ay maaaring mag-iskedyul ng pagsusuri nang maaga sa pagtawag sa (510) 789-7231.

Araw-araw bukas ng Fremont Fire COVID-19 Testing Center mula sa bandang 10 a.m. hanggang 5 p.m. o hanggang ang maximum na dami ng pagsusuri na magagamit sa araw na iyon ay maubos.

Libre ang mga pagsusuri sa publiko at magagamit ninuman saanman sila nakatira o anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon.

Ang kawani sa Fremont Fire COVID-19 Testing Center ay bubuuin ng Fremont Fire Department Firefighter-Paramedics, Washington Hospital Registered Nurses, at United Ambulance Emergency Medical Technicians (EMTs). Ang kabuuang pamamahala ng Testing Center ay nasa koordinasyon sa Fremont Police Department at Newark Police Department.

Ang paglikha ng Fremont Fire COVID-19 Testing Center ay hindi magiging posible kung hindi dahil sa pakikipagtulungang pagsososyo sa Lungsod ng Hayward, Hayward Fire Department, Hayward Firefighters International Association of Fire Fighters (IAFF) Local 1909, Fremont Firefighters IAFF Local 1689 at Avellino Lab USA, Inc., of Menlo Park, isang pandaigdigang nangunguna sa gene therapy at molecular diagnostics.

Para sa higit pang impormasyon at mga update sa kung paano sinusubaybayan ng Lungsod ng Fremont ang Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), pumunta sa aming Coronavirus webpage sa www.Fremont.gov/Coronavirus. Ang mga pangkalahatang update ay gagawin sa mga social media account ng Lungsod sa Facebook, Nextdoor, Nixle, at Twitter; sundan ang mga channel namin sa www.Fremont.gov/SocialMedia.

# # #